# ANO ANG MONKEYPOX?

**Ang monkeypox (MPX) ay isang viral ba sakit na umiiral sa California at sa U.S. mula ng Tagsibol ng Spring 2022. Kahit na ang kasalukuyang panganib sa pangkalahatang publiko ay mababa, kahit sino ang maaaring makakakuha ng MPX. Mabuti na malaman ang mga sinyales at sintomas upang mapanatili ka at ang iba na ligtas.**

## PAANO ITO KUMAKALAT?

### PAGHAWAK

Kontak ng kutis-sa- kutis (pag-akbay, paghalik,sekswal na aktibidad) sa sinuman na may sintomas.

### PAKIKIBAHAGI NG MGA BAGAY

Pakikibahagi ng mga bagay (damit,higaan, twalya) na ginamit ng sinuman na may sintomas.

Ang MPX ay maaaring kumalat sa pamamagitabn ng malapitang mga interkasyon mula sa pakikipag-usap, pag-ubo at paghinga nang malapitan sa sinumna ng matagal. Ito ay nagaganap kapag nakatira o nag-aaruga sa sinuman na may sintomas.

## ANO ANG MGA SINTOMAS?

**Isang pantal na maaaring parang isang tagihawat o paltos na nakikita sa mukha, sa loob ng bibig, at sa ibang bahagi ng katawan, tulad ng kamay, paa, dibdib, ari, at pwetan.**

### IBANG MGA SINTOMAS

- LAGNAT
- SAKIT SA KATAWAN
- NAMAMAGANG MGA YMPH NODE
- SAKIT SA ULO
- PANGINGINIG
- PAGKAPAGOD

## PAANO ITO MAIIWASAN?

- Iwasan ang malapitang pakikisalamuha, kasama ang sekswal na kontak, sa mga tao na may sakit o pantal.
- Iwasan ang pakikibahagi ng higaan,twalya, damit, baso at kubyertos sa mga tao na may mga sintomas. Ang mga bagay ay dapat malinisan at madisinpektahan bago magamit ng iba.

## ANO ANG DAPAT GAWIN KUNG IKAW AY MAY SINTOMAS?

- Makipag-ugnay sa tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan kaagad.
- Magbuklod sa bahay hanggang mawala ang pantal, ang mga langib ay natanggal, at ang bagong kutis ay nabuo.
- Kung ikaw ay may aktibong pantal o ibang mga sintomas, manatiling hiwalay sa isang silid o lugar mula sa ibang mga tao o alaga na kasamang naninirahan. Kung kinakailangan na nasa paligid ng iba sa iyong tahanan (i.e. pag-aaruga sa mga bata o miyembro ng pamilya), magtakip ng mga sugat/pantal at magsuot ng mask.

Kung maaari, ang tao na may MPX ay dapat magpalit ng kanilang bendahe at hawakan ang kanilang mga damit gamit ang itinatapong mga gloves, kasunod ng agarang paghugas ng kamay pagkatapos na tanggalin ang gloves.

**Ang sintomas ay maaaring mag-umpisa saanman sa 5-21 na araw pagkatapos ng pagkalantad.**

## MAY GAMOT BA O BAKUNA DITO?

**Pagpapagamot: Karamihan sa mga tao ay may malumanay na sintomas at hindi kinakailangan ng pagpapagamot. Maaring rekomendahan ng isang tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan ang pagpapagamot upang mabawasan ang iyong sintomas.**

**Bakuna: Ang ilang mga tao na natugunan ang kriyerya ng pagkalantad at panganib ay maaaring karapat-dapat sa bakuna.**

**Makipag-ugnay sa tagapagkaloob ng kalusugan o ang iyong lokal na departamento ng kalusugan sa mga katanungan.**

GO.CDPH.CA.GOV/MONKEYPOX

**Monkeypox • Tagalog • August 2022 © California Department of Public Health**